# Ang inyong gabay sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Administration)

state trustees | Let's talk.

# Maligayang Pagdating

Bilang pampublikong katiwala sa Victoria, kami ay nagtrabaho upang maprotektahan at mapaunlad ang kapakanan ng pananalapi ng mga taga-Victoria sa maraming dekada. Kami ay kasalukuyang tumutulong sa mahigit 9,500 na taga-Victoria sa kanilang pang-araw-araw na pagkakaabalahan sa pananalapi at batas sa pamamagitan ng mga serbisyo ng aming Pamamahala ng Pananalapi (Financial Administration). Kami ay gumaganap bilang administrador ng mga taong hindi na makayang mamahala ng kanilang mga pananalapi at legal na pagkakaabalahan. Ito ay maaaring mangyari dahil sa problema ng pag-iisip, sakit o kapansanan ng isang tao.

Kami ay hinirang ng Victorian Civil and Administrative Tribunal (VCAT) bilang inyong administrador. Bilang administrador, ang aming katungkulan ay ang paggawa ng mga pagpapasya tungkol sa inyong mga pananalapi at ari-arian. Palagi naming isaalang-alang ang inyong mga kagustuhan, layunin at kung ano ang mahalaga sa inyo.

| **Tinitiyak namin na:** |
| --- |
| Ang inyong mga bayarin, buwis at utang ay nababayaran sa takdang oras |
| Ang inyong mga ari-arian ay ligtas at protektado (ang inyong mga pag-aari (assets) ay mga ari-arian at mga gamit na may halaga katulad ng bahay, sasakyan at mga perang naipon sa banko) |
| Nakukuha ninyo ang lahat ng inyong dapat kinita. |

Aming layunin na pangasiwaan ang inyong pananalapi at ari-arian upang kayo ay mamuhay sang-ayon sa kagustuhan ninyo.

Itong gabay ay nagpapaliwanag kung ano ang mga susunod na hakbang at paano maghahanda para sa ating unang pag-uusap. Sasagutin din namin ang ilan sa mga kadalasang itinatanong.

# Talahulugan

## VCAT

Ang VCAT ang magtatalaga sa mga tagapag-alaga (guardians) at administrador sang-ayon sa Batas sa Tagapag-alaga at Pamamahala ng 2019 (Guardianship and Administration Act 2019). Ang VCAT ay maaaring humirang ng isang tagapag-alaga, administrador, o parehong gagampanan ng isang tao. Ang mga tagapag-alaga at administrador ay magtutulungan kung sila ay itatalaga para sa iisang tao.

## Ang Batas sa Tagapag-alaga at Pamamahala ng 2019 (Guardianship and Administration Act 2019)

*Ang Batas sa Tagapag-alaga at Pamamahala ng 2019* ay isang batas. Ang batas na ito ay aming gabay sa paggawa ng mga pagpapasya para sa iyo at nagpapaliwanag kung ano ang kinakailangang gawin para masuportahan kayo.



## Habilin at mga kagustuhan

Ang inyong habilin at mga kagustuhan ay kung ano ang mahalaga at mga layunin ninyo. Gusto naming malaman kung ano ang habilin at mga kagustuhan ninyo upang pagtuunan namin ito ng pansin kapag gumagawa ng pagpapasya para sa inyo.

## Administrador

Ang administrador ay isang tao o samahan na hihi-rangin ng VCAT upang magdedesisyon tungkol sa mga gawain sa pananalapi at ari-arian ng isang tao.

## Tagapag-alaga (Guardian)

Ang tagapag-alaga ay isang tao o samahan na hihirangin ng VCAT upang mamahala sa mga bagay na may kinalaman sa istilo ng pamumuhay ng isang tao, katulad ng kanyang tirahan o lugar ng trabaho.

## NDIS

Ang Pambansang Pamaraan ng Seguro para sa mga May-kapansanan (National Disability Insurance Scheme (NDIS)) ay isang pambansang iskema ng pagpopondo para sa mga may-kapansanan. Ito ay nagbibigay ng pondo sa mga may-kapansanan para makatulong sa kanilang pangangailangan.



# Paano namin kayo matutulungan?

Tungkulin namin ang gumawa ng mga pagpapasya tungkol sa inyong pananalapi sa paraang makakatulong sa inyo na mabuhay sa gusto ninyong paraan.

Makakatulong kami sa pangangasiwa ng inyong pera upang matiyak na lahat ng inyong mga bayarin at utang ay mababayaran sa oras, at mayroon kayong pera para sa mga pangpersonal na gastusin. Titiyakin din namin na lahat ng inyong mga ari-arian ay ligtas at natatanggap ninyo ang lahat ng mga dapat ninyong kinita.

## Pagbabayad ng mga bayarin

Babayaran namin ang inyong mga regular na bayarin mula sa inyong pera, at ibabadyet at ipaplano ang bawat bayarin upang matiyak na mayroon kayong sapat na pera upang mabayaran ang mga ito.

Kung kayo ay nakatira sa inyong bahay, pag-uusapan natin nang masinsinan ang inyong mga bayarin sa bahay upang makagawa tayo ng badyet.

## Titiyakin namin na kayo ay tatanggap ng tamang kabayaran

Marami sa mga bagong kliyente ay hindi nakakatanggap ng tamang halaga ng pensiyon o mga ibang benepisyo.

Titingnan namin ang inyong kasalukuyang kabayaran at kukuwentahin kung natatanggap ninyo ang tamang halaga. Tatrabahuin din namin ang pagtanggap ninyo ng mga karagdagang kabayaran o benepisyo. Maaaring kabilang dito ang:

- isang pensiyon mula sa ibang bansa na nahirapan kayong mag-aplika
- anumang dagdag na kabayaran mula sa Centrelink na hindi ninyo alam
- paghahabol sa nawawala ninyong 'superannuation'
- mga konsesyon na maaaring karapat-dapat kayo.

Marami kaming mga karanasan sa pakikipag-ayos sa Centrelink, Department of Veterans Affairs (Kagawaran sa Ugnayan ng mga Beterano) at mga pandaigdigang ahensya ng pensiyon. Makikipag-ugnayan kami sa mga samahang ito para sa iyo at punan ang anumang mga papeles na kailangan upang matanggap ninyo ang mga kabayarang ito.

## Paggawa ng mga paghahabol (claim) sa segurong 'superannuation'

Kung mayroon kayong superannuation at natigil kayo ng trabaho dahil sa pagkakasakit o pinsala, maaari ninyong kunin ito nang maaga. Maraming mga patakaran sa 'super' ay may kasamang seguro na nagpoprotekta sa inyong pananalapi kung kayo ay magkasakit o mapinsala at may-kapansanan na ngayon. Pag-aaralan din namin kung maaari kayong maghabol para sa isang kabayaran (payout) dahil sa napaaga ang inyong pagkaalis sa trabaho dahil sa inyong pagkakasakit o pinsala.

## Pangangasiwa sa mga utang

Ang ilan sa aming mga bagong kliyente ay may mga malalaking utang. Tungkulin namin na malaman kung paano mapapangasiwaan ang mga utang na ito. Maaari kaming makipag-usap sa mga nagpapautang at makipagkasundo para sa pagpapatawad sa mga utang o gumawa ng mga plano ng pagbabayad. Ito ay maaaring makatulong sa pagbawas ng pagkabahala tungkol sa pakikipag-usap sa mga ahensyang naniningil sa mga pautang.



## Pagtulong tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa batas

Maaari kaming mag-imbestiga ng mga usapin tungkol sa batas para sa inyo. Maaaring kabilang dito ang isang:

- paghabol ng kabayaran sa Transport Accident Commission (TAC), kung kayo ay nasugatan sa isang aksidente ng sasakyan
- paghabol sa WorkCover, kung kayo ay nasugatan sa trabaho
- paghanol -claim sa Victims of Crime Assistance Tribunal, kung kayo ay naging biktima ng krimen sa Victoria
- paghabol sa pag-aari ng isang yumao (deceased estate) na maaaring karapat-dapat kayo para sa mas malaking bahagi. Ang isang 'deceased estate' ay mga pag-aari ng isang namatay na tao.

## Kung kayo ay nakatira sa inyong sariling bahay

Titiyakin namin na ang mga gastusin, katulad ng renta at mga bayarin sa bahay, ay mababayaran.

Tutulungin namin kayo sa paggawa ng badyet para may pera na maaaring gamitin para sa mga gastusin, katulad sa pabahay, 'utilities' sa bahay (hal: tubig, telepono, koryente), pagkain at pagbibiyahe. Maaari rin kaming maglagay ng plano sa pagtitipid para sa mga dagdag na bilihin, katulad ng mga damit o bagong telebisyon. At titiyakin namin na kayo ay nakakatanggap ng tamang halaga ng pera para sa tulong sa renta.

## Kung kayo ay lilipat sa tirahan ng mga may-edad

Kung kayo ay lilipat sa tirahan ng mga may-edad, maaari kayong magbayad ng isang garantiya (bond). Titingnan din namin kong mayroon kayong mga ari-arian o kagamitang personal na kailangang ibenta. Maaari naming sagutan ang mga dokumento sa pagtasa ng inyong pananalapi para sa inyo at kung maaari ay makikiusap para sa mas mababang halaga ng garantiya (bond).

Maaari kaming makipagtulungan sa inyo at sa inyong pamilya upang asikasuhin na malinisan ang inyong bahay at matanggal ang inyong mga kagamitan para maihanda ang bahay para maibenta.

## Kung kayo ay nakatira sa isang tirahan ng mga may-edad

Papangasiwaan namin ang mga babayaran sa 'nursing home', mga utang sa botika at iba pang mga gastusin.

